**FAQ: Paano Matanggap ang Iyong Sweldo Kung Ikaw ay Nakulong o Na-deport**

Itong pahina ng mapagkukunan ay merong inpormasyon na gagabayan ka ng sunod sunod na hakbang para makuha mo ang iyong suweldo sakaling ikaw ay mapigilan o madeport ng ICE. Kung ikaw ay isang empleyado so California, meron mga dagdag na mga batas at puwede kang tulungan ng opisina ng California Labor Commissioner ng libreng tulong na legal. Tawagan ang Asian Law Caucus sa (415) 896-1701.

**1. Ano ang dapat kong gawin kung ako ay makulong o madeport upang matanggap ko ang aking huling suweldo?**

May mga hakbang na maaari mong gawin ngayon, upang matanggap mo ang iyong huling suweldo.

Una, tanungin mo ang iyong superbisor o amo kung may mga particular na patakaran upang makuha ng ibang tao ang iyong suweldo (ito ay tinatawag na "third party paycheck pick-up"). Halimbawa, kung ang iyong employer ay mangangailangan ng isang form na notaryado na nagbibigay ng karapatan na ibang tao ang kumuha ng huli mong tseke.

Pangalawa, magplano nang maaga at kumpletuhin ang anumang kinakailangang hakbang na kinakailangan ng mga patakaran ng iyong employer. Kung walang mga partikular na patakaran, maaari mong sabihin sa iyong employer kung sino ang kukuha ng iyong suweldo, kung sakaling may emergency na at hindi mo sariling makuha ang tseke mo. Ibigay mo ang mga impormasyon ng tao na kukuha ng tseke mo, kagaya ng pangalan at telepono. O maaari mong hilingin sa iyong employer na ipadala ang iyong huling suweldo at magbigay ng address.

Inirerekomenda naming na isulat ang lahat ng iyong kahilingan. Sa dulo ng FAQ na ito, makakakita ka ng mga halimbawang sulat na maari mong ibigay sa iyong employer. Ang unang halimbawang sulat ay humihiling na ipadala ang iyong suweldo sa pamamagitan ng koreo, at ang pangalawa ay nagsasaad na may isang awtorisadong tao na darating upang kunin ang iyong tseke.

Maaaring gusto mo ring makipag-ugnayan sa isang lokal na nonprofit na makakatulong sa iyong kumpletuhin ang isang Kapangyarihan ng Abugado ("Power of Attorney"). Maaari itong magbigay sa isang tao ng awtoridad na gumawa ng mga desisyon sa pananalapi habang wala ka. Maaari din itong makatulong sa isang tao na matanggap ang iyong panghuling suweldo para sa iyo. Mahalagang tiyakin na ang iyong power of attorney ay isang taong pinagkakatiwalaan mo.

**2. Paano ko makukuha ang huli kung tseke kung ako ay mai-deport o madetenihin?**

Kung ma deport ka o madetenihin, kontakin mo kaagad ang iyong amo. Abisuhan ang iyong employer tungkol sa iyong detensyon o deportasyon at hilingin ang iyong huling suweldo. Kung hindi mo magawang kumontak sa iyong amo, pakiusapan ang taong itinalaga mo para makuha ang huli mong tseke.

Kung hindi ka nakapag-ayos ng plano, mangyaring mangangailangan ang iyong employer ng na pahintulutan mo ang isang tao na tumanggap ng iyong suweldo para sa iyo. Maari mong gamitin ang halimbawang sulat sa dulo ng FAQ na ito upang hilingin sa iyong employer na ipadala ang iyong huling paycheck sa isang awtorisadong tao o ipakuha ito sa kanila.

Maaring ang huli mong tseke ay naipadala sa Opisina ng Labor Commissioner. Minsan ang mga employer ay ipinadadala ang mga tseke sa Opisina ng Labor Commissioner kung hindi nila makontak ang isang empleyado. Makikita ang impormasyon para makontak ang Opisina ng Labor Commissioner **DITO.**

**3. Gaano katagal dapat bayaran ng employer ang aking huling suweldo sa California?**

Sa California, kinakailangang bayaran agad ng mga employer ang anumang hindi nabayarang sahod sa isang empleyadong aalis. Kinakailangan nilang bayaran ang iyong sahod sa loob ng 72 oras pagkatapos ng iyong empleo—o, kung ikaw ay tinanggal ng iyong employer, sa mismong araw na iyon.

Kung pinapanatili ng iyong employer na bukas ang iyong trabaho habang ikaw ay nakakulong, kinakailangan ka pa rin nilang bayaran para sa anumang oras na iyong trinabaho, sa iyong regular na araw ng suweldo.

Kung hindi ka binayaran ng iyong employer sa loob ng takdang panahon ayon sa batas ng California, maaari kang makakuha ng parusa sa oras ng paghihintay o "waiting time penalty." Maari kang mag-file ng reklamo sa Opisina ng California Labor Commission. Hindi mo kailangan ng abogado upang mag-file ng reklamo sa California Labor Commission. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng claim ay **NARITO**. Mayroon kang tatlong taon upang maghain ng reklamo upang makakuha ng waiting time penalty.

**4. Paano kung hindi ako maayos na binayaran ng aking employer ang aking huling suweldo?**

Ang iyong employer ay inaatasan ng batas na bayaran ang lahat ng suweldo na iyong pinagtrabahuhan na oras. Kung tumanggi ang iyong employer na bayaran ang lahat ng iyong

sahod, maari kang maghain ng reklamo sa Opisiona ng California Labor Commissioner. Hindi mo kailangan ng abogado para maghain ng reklamo. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng claim ay **NARITO**. Mayroon kang tatlong taon upang maghain ng reklamo upang makuha mo ang hindi ibinayad na sahod.

**5. Ano ang dapat kong gawin para makuha ang aking huling bayad kung ako ay isang independent contractor?**

Tandaan na kung ikaw ay isang aktwal na independent contractor, hindi nalalapat ang mga batas na ito. Sa ganitong kaso, inirerekomenda namin na suriin mo ang mga tuntunin ng iyong kontrata tungkol sa pagbabayad.

Gayunpaman, maraming tao ay sinabihan na sila ay mga independent contractor, pero sila ang totoo ay sila ay mga empleyado ayon sa batas ng California. Ito ay tinatawag na **maling pag-uuri** o "misclassification." Nangyayari ito kung ang isang employer ay tinatrato ang kanyang empleyado bilang mga independent contractor upang umiwas sa pagsunod sa batas ng pagtatrabaho ng estado. Maaring ikaw ay na-misclassify kung ang iyong employer ay may kontrol sa kung paano mo ginagawa ang iyong trabaho, bukod pa sa iba pang mga kadahilan.

Kung sa tingin mo na mali ang iyong pagkakalsipika, kontakin ang Opisina ng Labor Commissioner at maghain ng reklamo sa sahod. Hindi mo kailagan ng abogado para maghain ng reklamo sa Opisina ng California Labor Commissioner. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo ay **NARITO**. Mayroon kang tatlong taon upang maghain ng reklamo upang makuha mo ang hindi ibinayad na sahod.

**6. Paano ko ihuhulog ang tseke ko kung ako ay madeport?**

Kung kailangan mo i-cash ang iyong tseke sa labas ng America, maari mo itong gawin nang virtual gamit ng internet kung mayroon ka paring akses sa iyong American bank account. Maari rin na kailalanganin mng maghanap ng bangko na tumatanggap ng mga tseke mula sa America, o maari kang gumamit ng serbisyo sa pag-cash ng tseke ("check cashing service"). May mga bangko rin na pumayag na pirmahan mo ang tseke sa ibang tao upang mai-cash nila ang tseke para sa iyo. Ito ay tinatawag na "third party check." Inirerekomenda namin na tanungin mo ang iyong bangko nang maaga kung tumatanggap sila ng mga "third-party check."

Ang inpormasyon sa paksang ito ay makikita **DITO**, sa ilalim ng "Resources" at "International Check Cashing brochure".

**Halimbawang Sulat #1**

**Para Hilingin mo ang Huling Sahod sa Koreo**

[Petsa]

[Pangalan ng Amo
Adres ng Amo
Ciudad, Estado, Kodigo postal]

Re: Huling Sahod para kay [Pangalan ng empleyado], [ID ng Empleyado, kung kailangan]

Mahal kong [Amo],

Paki dala ang natitira kung sahod na utang sa akin kay:

[Pangalan ng Empleyado]
Siya ang magiging responsable [Pangalan ng tao na itinalaga na tumangap ng tseke mo.]

Adres
Ciudad, Estado, Kodigo postal]

Sa California, pag ang isang empleyado ay pinaalis, kailangan bayaran agad ang huling suweldo o ang empleyado ay may karapatan sa ano mang parusa. (Lab. Code § 203.)

Kung kailangan ng koordinasyon sa huli kung tseke, paki kontak [Pangalan ng taong itinalaga at inpormasyon para makontak ito].

Salamat sa tulong.

Taos-pusong,

[Signatura ng Empleyado]

[Nakasulat na pangalan ng Empleyado]

**Halimbawang sulat #2**

**Para Hilingin ang Pagkuha ng Huling Suweldo ng Personal**

[Petsa]

[Pangalan ng amo
Adres ng amo
Ciudad, Estado, Kodigo postal]

Re: Huling Tseke para kay [Pangalan ng empleyado], [ID ng empleyado kung kailangan]

Mahal kong [Amo],

Binibigyan ko ng karapatan si [Pangalan ng taong may karapatang kumuha ng tseke] na kunin ang tseke ko sa opisina kung saan ako nagtratrabaho sa normal na oras ng trabaho.

Sa California, kung ang isang empleyado ay inalis o nagbitiw, ang lahat ng suweldo na utang sa kanya ay kailangan bayaran kaagad. Kung hindi may "penalty". (Lab. Code § 203.)

Kung kailangan mo ng extra na tulong para kunin ang huli mong suweldo, kontakin mo [Pangalan ng taong itinalaga at kontak information].

Salamat sa tulong.

Taos-pusong,

[Signatura ng Empleyado]

[Nakasulat na pangalan ng Empleyado]